
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am MERLY F. ANTONIO | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | FEBRUARY 12 – 16, 2024 (WEEK 3) | Quarter: | 3RD QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | 1.Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita sa pagpapahayag ng sariling idea, kaisipan, karanasan, at damdamin<br>2.Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita sa pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang iba"t ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>- Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | Napapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba"t ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba"t ibang uri ng panitikan | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panonood ng iba"t ibang uri ng media |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | 1.Nakagagawa ng isang ulat o panayam<br>2.Nakapagsasagawa ng readers' theatre | Nakagagawa ng isang ulat o panayam | Nakagagawa ng nakalarawang balangkas upang maipahayag ang nakalap na impormasyon o datos<br>Nakapag-uulat ng impormasyong napakinggan at nakabubuo ng balangkas ukol dito | Nakakasulat ng isang tula o kwento at talatang naglalahad ng opinion o reaksyon<br>Napapahalagahan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakaya, paghiram ng aklatan, pagkukwento, pagsulat ng tula at kwento | Nakagagawa ng ulat tungkol sa pinanonod |
| C. Mga Kasanayan sa **Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Naibibigay ang mga salitang magkasingkahulugan/magkasalungat (F5PT-IIIc-h-10)<br>Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinikilos o gawi (F5PS-IIa-c.12.1)<br>Naiuugnay ang sariling karanasdan sa binasang talambuhay (F5PB-IIIc-1) | Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos (F5WG-IIIa-c-6) | Nakakukuha ng tala buhat sa binasang teksto (F5EP-IIIc-g-10)<br>Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang alamat (F5PN-IIIc-e-3.1) | Nababaybay nang wasto ang salitang hiram/natutuhan sa aralin (F5PU-III-c-g-1)<br>Naipagmamalaki ang sariling wika sa pamamagitan ng paggamit nito (F5PL-0a-j-1) | Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan sa napanood na maikling pelikula (F5PD-IIIc-i-16) |
| **II. NILALAMAN** | **"Ang Talambuhay ni Efren G. Penaflorida, Jr"** | **Pang-abay na Pamanahon** | **"Alamat ng Palay"** | **"Salitang Hiram"** | **Video-Mga bayani ng Taon** |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | Alab Fil. Manwal ng Guro ph 120-121 | Alab Fil. Manwal ng Guro ph 121-123 | Alab Fil. Manwal ng Guro ph. 122-123 | Alab Fil. Manwal ng Guro ph.124 | Alab Fil. Manwal ng Guro ph 124 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga pahina sa Gabay ng**<br>Pang-mag-aaral | Alab Fil. Batayang Aklat ph.130-131 Yunit III Aralin 3 Walang Kawawa sa Kawanggawa, Kung Para sa Kapuwa | Alab Fil. Batayang Aklat pp. 132 Yunit III Aralin 3 Walang Kawawa sa Kawanggawa, Kung Para sa Kapuwa | Alab Fil. Batayang Aklat pp. 132-134 Yunit III Aralin 3 Walang Kawawa sa Kawanggawa, Kung Para sa Kapuwa | Alab Fil. Batayang Aklat pp. 132-143 Yunit III Aralin 3 Walang Kawawa sa Kawanggawa, Kung Para sa Kapuwa | Alab Fil. Batayang Aklat pp. 67 Yunit III Aralin 3 Walang Kawawa sa Kawanggawa, Kung Para sa Kapuwa |
| **3. Mga pahina Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang** Pangturo | Powerpoint | powerpoint | powerpoint | Powerpoint/tarpapel | Video presentation |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| A. Balik –Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | Pagbabaybay:<br>Talambuhay tagumpay<br>Kawanggawa bayani | Laro:<br>Paunahan sa pagbibigay ng mga salitang magkasing-kahulugan at magkasalungat | | | Pagbabaybay:<br>Mga salitang hiram<br>(malayang magbigay ang guro ng mga salitang hiram) |
| **B. Paghahabi ng layunin ng aralin** | Paano ba maging isang bayani? maliban sa mga kilala mong bayani, sino pa pa sa palagay ninyo ang pwedeng tawaging bayani?<br>Ang kahirapan ba ay hadlang sa pagkakawanggawa?<br>Sino ang nasa larawan?<br> | Sabihin kung ang salitang may salungguhit ay pang-abay na pamaraan o panlunan<br>Maingat na lumakad ang matanda babae. Siya ay nakatira sa ilalim ng tulay. Bigla na lang siya natumba sa daan. kaya dinala siya sa malapit na hospital. | Pakinggang muli ang tekstong babasahin ng guro<br>"ALAMAT NG PALAY" TG ph. 122-123 | Basahin ang teksto<br>"Isang Paanyaya"<br><br>Si Irwin Sarmiento ang nahalal na pangulo ng Organisasyon ng mga Mag-aaral. Nagsadya siya sa tanggapan ng punungguro na si G. Luis Borja upang anyayahan siyang maging panauhin. Kikilalanin din niya ang mga nahalal na pamunuan ng organisasyon.<br>"Magandang umaga po, G. Borja," magalang na bati ni Irwin.<br>"Magandang umaga rin sa iyo, Irwin. Maupo ka," tugon ng punongguro.<br>"Salamat po." Sagot ni Irwin at naupo sa upuang laan para sa panauhin.<br>"May sadya ka ba, hijo?" Magiliw na tanong ng punungguro.<br>"Maaari po ba kayong maanyayahang magtalaga sa mga nahalal sa pamunuan ng Organisasyon ng mga Mag-aaral?" magalang na tanong ni Irwin.<br>"Kailan ba ito gagawin?" tanong ng punongguro.<br>"Sa isang linggo po, Biyernes ganap na ika-5 ng hapon sa bulwagan ng ating paaralan," sagot ni Irwin.<br>"Oo nga pala. Ikaw ang nahalal na pangulo ng inyong organisasyon. Binabati kita. Maaari mo ba akong bigyan ng impormasyon tungkol sa inyong mga proyekto?" tanong ni G. Borja.<br>"Opo, ang pangunahing proyekto po ng aming organisasyon ay panatilihin ang katahimikan at kaayusan sa loob ng paaralan. Ang kalinisan at pagpapaganda ng paaralan ay kasama rin po sa aming proyekto.<br>"Pasisiglahin po naming muli ang iba't ibang organisasyon ng paaralan tulad ng Glee Club, Dramatics Club at iba pa. Gayundin sa sports gaya ng basketball, volleyball, softball, chess, judo at karate. Magtatayo rin po kami ng Writing Club upang mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.<br>"Malaki ang magagawa ng mga organisasyong ito upang makaiwas ang kabataan sa mga bisyo. Lalakas, sisigla at higit na magiging mahusay ang kabataan, at mawawalan sila ng dahilan para malulong sa masamang barkada at gawain na makakasira sa kanila," paliwanag ni Irwin.<br>Napangiti sa paghanga ang punongguro habang nakikinig sa magandang pagpapaliwanag ni Irwin.<br>"Tunay at karapat-dapat na humawak ng katungkulan sa organisasyon ang batang ito. Matalino siya at buo ang loob," naibulong ni G. Borja sa sarili.<br>"Natutuwa ako sa nakikitang partipasyon mula sa inyong mga mag-aaral. Nakabubuti ito sa ating paaralan. Sige, asahan ninyong ako'y darating," masiglang sagot ng punungguro.<br>"Marami pong salamat sa inyong pagpapaunlak sa aming paanyaya," masaya at magalang na sagot ni Irwin.<br>(Pinagkunan: Filipino V, Diwa textbook) | Sinong mga Filipinong bayani ang nagbuwis ng buay para sa bayan?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Ipabasa ang "Talambuhay ni Efren G. Penaflorida Jr" ph 130-132 batayang aklat | Balikan ang teksto<br>Ano-ano ang kilos sa tekstong binasa?<br>Paano ito isinagawa?<br>Anong salita ang naglalarawan nito? | Sagutin ang mga literal na tanong batay sa napakinggang teksto<br>1.Bakit hindi nagtatanim ang mga sinaunang tao?<br>2.Saan-saang lugar nakatira ang mga sinaunang tao?<br>3.Sino si Banag at Danas?<br>4.Ano ang utos ng dam okay Danas? | Sagutin ang mga literal na tanong<br>1.Sino ang pangulo ng organisasyon?<br>2.Kailan gagawin ang pagtatalaga sa mga nahalal na opisyal?<br>3.Ano-ano ang mga katangian ni Erwin? | Pagpaalala sa panuntunan sa panonood |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 1** | Ipagawa ang "PAG-USAPAN nATIN" ph 131<br>Magbigay pa ng ibang salita at hayaan ang mga bata na ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat nito<br>Ipaliwanang:<br>Ang mga salita ay magkasingkahulugan kung ang ito ay nagsasaad ng magkaparehong ibig sabihin.<br>Ang mga salita ay magkasalungat kung ang mga ito ay may magkabaliktad na kahulugan o ibig sabihin. | Talakayan<br>Talakayin ang pang-abay na pamanahon<br>PAG-ARALAN NATIN ph.132 | Talakayan<br>Ang mga tanong sa itaas ay tinatawag na literal na tanong kung saan ang mga sagot ay matatagpuan mismo sa tekstong narinig o binasa | Gawain<br>Hanapin ang lahat ng mga salitang hiram na iyong nabasa mula sa teksto. Ibigay ang kahulugan ng bawat isa. Suriin ang baybay ng mga salitang ito. Isulat ito sa kwaderno | Panonood ng video<br>"Mga regional Finalist ng Bayaning Filipino sa Gitnang Silangan sa Taong ng Bagong Milinyo" |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 2** | Talakayan:<br>Sino ang mga tauhan sa binasang teksto?<br>Ano-ano ang ginawa niya?<br>Paano mo siya ngayon ilalarawan?<br>Ipasagot ang "PAG-UNAWA SA BINASA" ph 131 | Ipabasa angt "PAGSIKAPAN NATIN" ph. 132 at tukuyin ang pang-abay na pamanahon na ginamit dito. | Gawin ang "PAGTULUNGAN NATIN" LM ph 132 | Laro:<br>Pabilisan sa paglista ng mga salitang hiram na babanggitin ng guro | Talakayan:<br>Paanong maitututring na ang bawat isa sa kanila ay bayani? |
| **F. Paglinang sa kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment)** | Pangkatang Gawain:<br>Pangkat 1&3 –Ilarawan ang tauhan batay sa kanyang ikinilos<br>Pangkat 2&4 –sumulat ng maikling talata kung paano ka magiging bayani sa sarili mong pamamaraan | Pangkatang Gawain:<br>Pakinggan ang babasahin ng guro. Tukuyin ang mga pang-abay na pamanahon na ginamit. Gamitin ito sa sariling pangungusap<br>"ALAMAT NG PALAY" TG ph122-123 | Paano makukuha ang mga tala sa isang napakinggang teksto? | Isulat ang wastong baybay na tinutukoy na salitang hiram<br>1. pangkulay ng buhok<br>2. gamot o lunas sa kanser<br>3. kulang sa wastong nutrisyon<br>4.kagamitan o makina sa pagkopya o pagpaparami ng sipi ng mga papeles at dokumento<br>5.nakatutulong upang Makita ang mga bagay na nasa malayo tulad ng kalawakan | Buuin ang tsrt sa "PAGNILAYAN NATIN" ph 133 |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw araw na buhay** | Paano ba nakakamit ang tagumpay?<br>Paano ba naibabahagi ito? | | | | |
| **H. Paglalahat ng aralin** | **Tandaan**<br>*Ang pagkakaroon ng mga tamang kilos o gawi ay naglalarawan ng mga magagandang katangian ng mga tauhan sa kwentong binasa. | **Tandaan:**<br>Ang pang-abay ay naglalarawan sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay. | **Tandaan:**<br>Ang mga tanong na literal ay mga tanong kung saan ang mga sagot ay mga impormasyong tuwiran o hayagang nakalahad sa tekstong napakinggan. | **Tandaan:**<br>Ang salitang hiram ay mga salita ng ibang bansan na ginagamit natin sa araw-araw | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Gayundin ang masamang gawi ay nagbibigay aral upang ito ay maitama at maituwid para sa ikabubuti ng mga tauhan sa kwento sa mga magbabasa nito. | Ang <u>pang-abay na pamanahon</u> ay sumasagot sa tanong kung kalian ginawa ang isang kilos | | 2. Sa panghihiram ng salita na may katumbas sa Ingles at sa Kastila, unang preperensya ang hiram sa Kastila. Iniaayon sa bigkas ng salitang Kastila ang pagbaybay sa Filipino.<br>Halimbawa:<br>Ingles — Kastila — Filipino<br>Check — cheque — tseke<br>Liter — litro — litro<br>Liquid — liquido — likido<br>Education — educacion — edukasyon | |
| **I. Pagtataya ng aralin** | Sabihin ang katangian ng mga sumusunod na tauhan batay sa kilos/sitwasyon ng tauhan.<br>1.Si Joy ay nag-aaral mabuti ng leksyon at gumagawa ng takdang aralin.<br>2.Si Jane ay sumusunod sa lahat ng utos na kanyang magulang.<br>3.Nilalagay ni Hana ang natira niyang baon sa alkansya.<br>4.Iniwanang bukas ni Joan ang tubig sa gripo.<br>5.Tinatanggap ni Ner ang pagkatalo sa laro. | Tingnan ang larawan<br><br>Bumuo ng 3-5 pangungusap batay sa larawan. Gamitin ang pang-abay na pamanahon. | Panuto:<br>Pakinggang mabuti ang alamat na babasahin ng guro. Sagutan ang mga sumusunod na literal na mga tanong ayon sa inyong napakinggang alamat. (Malayang pumili ng alamat ang guro na ipaparinig sa mga bata) | Piliin ang mga salitang hiram sa ibaba at isulat ang wastong baybay. Gamitin sa sariling pangungusap<br>basketball spaghetti sapatos pantalon short television lapis computer cake laro piko flashlight kutsara saya LRT escalator bolpen tinapay | Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon sa magkawanggawa sa iyong sariling paraan, paano mo ito gagawin?<br>Isulat ang iyong sagot sa isang malins na papel |
| **J. Karagdagan Gawain para sa takdang aralin at remediation** | | Sumulat ng 5 oangungusap gamit ang pang-abay na pamanahon | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. MGA TALA** | | | | | |
| **II. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang ng Mag-aaral na Nakakuha ng 80% sa Pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng Mag-aaral na Nangangailangan ng Iba Pang Gawain para sa Remediation | | | | | |
| C. Nakatulong baa ng remediation? Bilang ng Mag-aaral na Nakaunawa sa Aralin. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| D. Bilang ng Mag-aaral na Magpapatuloy sa Remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong Kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |